

MGA PAKSA SA SULATING FORMAL AYON SA
PREPERENSYA NG MGA MAG-AARAL

Tesis

Iniharap sa

Kaguruan ng Paaralang Gradwado
Samar State Polytechnic College
Catbalogan, Samar

Bilang Bahagi ng mga Gawaing Itinakda
para sa Degring Dalubhasa
sa Sining ng Edukasyon
Medyur sa Filipino

VILMA GLORIA GABIANA-ASISTOL

Nobyembre 1988

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay pinamagatang "MGA PAKSA SA SULATING PORMAL AYON SA IREPERENSYA NG MGA MAG-AARAL". Ginawa at ibinigay ni VILMA GLORIA GABIANA ASISTOL, pagkatapos na makapasa sa komprehensibong pagsusulit ay inatasang humarap sa isang pasalitang pagsusulit.

Nobyembre 26, 1988
Petsa

Manuel Z. Isanan
MANUEL Z. ISANAN, M.A. Ed.
Tagapayo

Pinagtibay ng Lupon sa Pasalitang Pagsusulit
noong Nobyembre 26, 1988 na may markang PASADO.

[Signature]
DOMINADOR Q. CABANGANAN, Ed. D.
Tagapangulo

Soledad G. Agner
SOLEDAD G. AGNER, Ph. D.
Kagawad

Ulrico B. Musticisa
ULRICO B. MUSTICISA, Ed. D.
Kagawad

Alejandro E. Cananua
ALEJANDRO E. CANANUA, M. Ed.
Kagawad

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng pag-
tupad ng mga kailangan para sa pagtatamo ng degrading
DALUBHASA SA SINING NG EDUKASYON, medyur sa FILIPINO.

[Signature]
DOMINADOR Q. CABANGANAN, Ed. D.
Dekano, Gradwadong Pag-aaral

4/22/89

Petsa ng Pasalitang Pagsusulit:

Nobyembre 26, 1988

PAGKILALA

Ang pag-aaral ay naging matagumpay at mabunga dahil sa tulong ng mga kahanga-hangang taong pumatnubay na maisakatuparan ng mananaliksik ang pagtatapos ng kursong Daluhhasa sa Sining ng Edukasyon. Bilang tugon ay taos-puso kong ipinaaabot ang isang mainit at masidhing pasasalamat.

Lydia Miraz-Lopez, Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Samar sa pagbibigay ng pahintulot sa pagsasagawa ng sarbey sa mga paaralang sekundarya at mga pagpapaunlak na iginawad ng mga punungguro at ulungguro sa pagbuo at paglilikom ng mga datos.

Manuel Z. Isanan, Pansangay na Tagamasid sa Filipino, masugid na tagapayo ng mananaliksik, na dahil sa kanyang walang sawang pag-aambag ng mga kapaanan sa ikinalutas ng mga suliranin sa pananaliksik at masigasig na mga patnubay na ipinadama ay naging mga batayan upang lalong maunawaan ng tagapaglahad ang kahalagahan ng isang tunay at makabuluhang pag-aaral.

Ang mga masisigasig, matatalino, mauunawain, mapagkalinga at mapagpakumbabang mga propesor ng Gradwadong Pag-aaral tulad nina: Dr. Jesusita L. Arteche, Dr. Arcadio Cuenco, Dr. Bernardo Oliva, atbp. Dahil sa kanila ay naging maliwanag ang pananalemin ng mag-aaral sa kahalagahan ng edukasyon.

Ang walang katapusang pasasalamat ay ipinaa-
bot din kay Propesor Dominador Q. Cabanganan, Ed. D.,
Dekano ng Gradwadong Pag-aaral ng SSTC at tagapangulo
ng lupon sa pasalitang pagsusulit sa kanyang mga pam-
palakas-loob na mga payo sa ikinatagumpay ng pag-aaral.
Higit kaninuman ay sa pinagkakautangang loob sa mga
pangunawang ipinadama nina Dr. Soledad G. Agner, Dr.
Ulrico B. Mustacisa, Associate Professor Alejandro E.
Cananua bilang mga kagawad sa lupon ng pasalitang
pagsusulit.

Sa yumaong Associate Professor Fe T. Macairan
ng SSSC sa mapangganyak niyang mga payo na naging daan
sa pagpapahalagang tapusin ng mananaliksik ang pag-
aaral.

Masidhing pasasalamat din sa mga guro ng Pam-
bansang Paaralan ng Samar sa kanilang pakikiisang ma-
abot ang pangarap na ito. Higit kaninuman kay G. Loren
Cortan, Inday Cortan, Tano, Nonoy Tuazon, Juling
Libanan, Trining Escobar, Lilia Mendova, sa ulungguro
Nenita Felibrico, Antonio Abarquez Pinunong Tagapanga-
siwa ng paaralan, Marilyn Cardoso ng SSSC sa pagsusuri
ng istatistiks, Evelyn Delmonte tagapagnakinilya ng
tesis at mga kamag-aral sa pagkadalubhasa sa SSTC.

Masuyong pasasalamat and ipinararating kina G.
Oscar Neypes, ng Samar National Agricultural School

bilang tagamasid, Gng. Dada Rodriguez Pinunong Tagapangasiwa ng Samar Provincial Hospital, Dr. Pedro D. Destura; Pangulo ng Eastern Samar State College sa kanilang mga suportang moral na iniambag sa mananaliksik.

Sa katapusan, ang mananaliksik ay walang sawang nagpapasalamat sa mapanatag at marubdob na pangunawang ikinintal sa puso ng kabiyak, G. Leopoldo G. Asistol at mga anak Aldwin, Alvin at Athena, dahil sa kanila ay natipon ang matibay na ugat ng mga pangarap upang makamtan ang maunlad na pag-aaral.

V.G.G.A.

HANDOG

Loan ko ito sa lahat

Sa Panginoong Diyos na tanglaw ko
sa lahat ng mga biyayang
nakakamtan!

Sa mga mahal ko sa buhay;
asawa, mga anak, magulang,
kapatid, kamag-anak, kaibigan
at sa mga kasamahan ko sa trabaho.

Sa inyong lahat
Maraming salamat!

Vilma

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong kilalanin ang mga paksa sa sulating pormal ayon sa preperensya ng mga mag-aaral sa mga paaralang sekundaryang ng Sangay ng Samar. Ang mga pagkakasusunod -sunod ng mga paksa sa sulating pormal bilang preperensya ng mga mag-aaral ay sinuri ayon sa katamtamang kalagayan. Walang mahalagang pagkakaiba ang pagkakasunod-sunod ng mga pamuno at mga tiyak na paksa bilang preperensya ng mga mag-aaral na nagmula sa una hanggang ikaapat na taon na kinatawan sa lahat ng mga paaralang sakop sa pag-aaral na ito. Subalit may ilang mga tiyak na paksa lamang na binigyan ng pinakahuling preperensya ng kawilihan sa pagpili. May pagkakaisa sa diwa ang lahat ng mga mag-aaral na kumatawan sa una hanggang ikaapat na taon sa iba't ibang mga paaralang sekundarya ng sangay ng samar sa pagpili ng mga kinawiwilihang paksa. Ito ay isang patunay na makabuluhan ang mga kasanayang nabatid at higit na binigyan ng ibayong pagpapahalaga ang pagpapalawak ng mga kaisipan sa tulong ng matalinong pagsulat ng komposisyon. Ito ay isang pagpapatunay na ang mga mag-aaral ay mabigyan ng isang anyo ng pag-aaral na hinubog sa mga makatotohanan at praktikal na pakikibaka sa buhay na higit na napahalagahan ang isang makabuluhang edukasyon. Para sa rekomendasyon, dapat alamin ng bawat guro ang mga paksang higit na nagugustohan ng mga mag-aaral batay sa antas ng bawat taon, pangkat, gulang at kasarian upang makilala ang kanilang kahinaan at kagalingan sa pagsulat ng komposisyon.

TALAAN NG NILALAMAN

DAHONG PAMAGAT	i
DAHON NG PAGPAPATIBAY	ii
PAGKILALA	iii
HANDOG	vi
TALAAN NG NILALAMAN	vii
ABSTRAK	ix

Kabanata	Pahina
I. ANG SULIRANIN	1
Panimula	1
Paglalahad ng Suliranin	4
Pagbuo ng Ipotesis	5
Sanligang Teyoritikal	5
Sanligang Konseptwal	6
Kahalagahan ng Pag-aaral	9
Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral	11
Katuturan ng mga Salita	13
II. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL	19
MGA KAUGNAY NA LITERATURA	19
Literaturang Lokal	19
Literaturang Banyaga	25
MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL	29

TALAAN NG NILALAMAN (Karugtong)

Kabanata	Pahina
Pag-aaral na Lokal	29
Pag-aaral na Banyaga	38
III. METODOLOHIYA	41
Disenyo ng Pananaliksik	41
Mga Pinagkunan ng mga Datos	41
Ang Instrumentasyong Ginamit	46
Paglikom ng mga Datos	48
Pagsusuring Istatistikal	49
IV. PAGLALAHAD, PAGESUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN SA MGA DATOS	52
V. LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON	224
Lagom	224
Konklusyon	232
Rekomendasyon	233
TALASANGGUNIAN	234
MGA APENDISE	238
KURIKULUM BITA	252

KABANATA I

ANG SULIRANIN

Panimula

Hindi lubos ang kakayahan ng tao sa pakikibakang mamuhay nang matagumpay kung salat ang kaalaman sa pagsulat. Ang pagsulat, ang susi sa malawak na kayamanan ng karunungan na matiyagang tinipon ng tao, galing sa pinakamaliit at pinakamasalimuot na bagay na naging tulay sa mga impormasyong panlahat na maaaring tumugon sa mga kaalamang pampulitika, pangkabuhayan at ekonomiya ng bansa, mga impormasyong pangkultural, pangkalusugan, mga pamumuhay ng tao kasama na ang mga tagumpay at suliranin ng bawat isa. Higit sa lahat ay naipaparating at naipapaliwanag ng pagsulat ang mga pangyayaring naganap na, mga kasalukuyang nangyayari at mangyayari pa lamang. Ang saklaw ay hindi limitado sa isang lugar at sa isang tao kundi sa lahat ng mga mamamayan na naninirahan sa mga karatig pook at iba pang mga bansa.

Malawak man ang daigdig ay hindi ito yayabong kung ang mga kaalaman ng tao ay hindi ipababatid sa iba. Kung wala ring pagsulat, magiging pinid ang katoohan at magiging maliit lamang ang saklaw ng karanasan ng iba. Dahil dito, magiging mabagal ang pag-

unlad ng isipan ng tao, na ang sanhi ay dala sa kabagalan ng pag-ikot ng komunikasyon.

Sa mga pag-aaral na pormal, ang pagsulat ay mahalaga rin. Ito ang matibay na suhay na ginagamit sa pag-iipon ng mga tala sa mga detalying makabuluhan na nagpapakilala ng mga komunikasyong pang-aghan, pang-matematika, pang-industriya at maging sa mga pagpapahayag ng mga komposisyong pormal na galing sa damdamin ng tao at iba pang bagay sa kapaligiran. Sa ganitong paraan makatitiyak ang sinuman, maging ang isang gurá sa paaralan, na ang mga mag-aaral ay nabigyan ng isang mabuting patnubay sa pagpapahayag ng kanyang mga nalalaman.

Sa mahabang panahong pagtuturo ng mananaliksik sa araling Filipino; naging karaniwang gawain na nito ang magpasulat ng mga sulating pormal sa mga mag-aaral. Ang isang layunin nito ay maturuan silang magpapahayag ng mga komunikasyon na malinaw, maayos at ang pagkakabuo na mauunawaan ng bumabasa. Maliban pa nito, ang sulating pormal ay bumabahaging isa sa mga batayan sa pagbibigay ng marka sa bawat mag-aaral. Gayunpaman pumapasok ang suliranin kung ang nilalaman ay hindi lubusang nakaakit sa bumabasa. Samakatuwid naapektuhan ang grado nila at nagiging bigo rin ang guro sa pagtupad ng mga layunin sa larangan ng masi-

ning at mabisang pakikipagtalastasan.

Sa hangad ng mananaliksik na makapag-ambag sa paglutas ng suliranin, kusa itong nagpasya na tuklasin ang mga bagay-bagay na bumabalakid, upang sa ganoon ay matugunan ang mahalagang pangangailangan sa pagbubuo ng kaakit-akit na komposisyon.

Sa tulong ng mga sulating pormal na ginawa ng mga mag-aaral sa nakalipas na mga taon; nabatid ng mananaliksik na ang pagpapahayag ng mga katha nila ay may kahinaan sa pagbubuo ng diwa. Ang mga paksang sinulat ay lubhang malayo sa kanilang kawilihan at sariling mga karanasan. Sa mga pangyayaring ito ay natento ng tagapaglahad na ang paksa sa sulating pormal ay isa sa pinakamahalagang sangkap sa pagsulat na dapat bigyan ng unang diin. Sa paksa nakatuon, ang bungang-kaisipan ng mga bagay-bagay bilang nilalaman ng buong komposisyon. Dahil sa paksa, ay umiinog ang interes ng tao na maipaliwanag nang maayos ang mga pangyayaring naglalaro sa isipan nila at nagiging kanaisnais itong basahin kung ito ay ayon sa kakayahan at kawilihan ng tagapaglahad.

Lubos ang pananalig ng mananaliksik na ang kalalabasan ng pag-aaral na ito, ay makatutugon sa suliraning pinag-uusapan, ang tungkol sa mga paksa sa sulating pormal ang nasa preperensya ng mga mag-aaral

batay sa magkakaparehong mga antas ng bawat taon na galing sa iba't ibang mga paaralang sekundaryang panlahat, agrikultural, pangingsida, bokasyunal, pampamayanan, barangay at pribado sa Sangay ng Samar.

Sa pangkalahatan, ang preperensyang mga paksa sa sulating pormal ay nagsisilbing matibay na instrumento ng mga mag-aaral sa makatwirang pagpapahayag. Hindi lamang ito gagamitin sa kagilirang sakop ng pag-aaral kundi sa iba pang mga paaralang sekundarya na sakop ng ibang Sangay at mga rehiyon.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tuklasin, kung anong mga paksa sa sulating pormal ang ayon sa preperensya ng mga mag-aaral sa pitong (7) uri ng mga paaralan sekundarya ng Samar. Ang mga sumusunod na tanong ay isa-isa binigyan ng kasagutan.

1. Anu-ano ang pagkakasunud-sunod ng mga pamunong paksa sa sulating pormal ang ayon sa preperensya ng mga mag-aaral sa magkakaparehong antas mula una hanggang ikaapat na taon sa mga sekundaryang paaralang panlahat, agrikultural, pangingsida, bokasyunal, pampamayanan, barangay at pribado ng Sangay ng Samar?

2. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang pagkakasunud-sunod ng mga pamunong paksa ayon sa preperen-

sya ng mga mag-aaral sa magkakatulad na antas, mula una hanggang ikaapat na taon sa magkakaibang mga paaralang nabanggit?

3. Anu-ano ang pagkakasunud-sunod ng mga tiyak na paksa sa sulating pormal ang ayon sa preperensya ng mga mag-aaral sa magkakaparehong mga antas mula una hanggang ikaapat na taon sa magkakaibang mga paaralang nabanggit?

4. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang pagkakasunud-sunod ng mga tiyak na paksa ayon sa preperensya ng mga mag-aaral sa magkakatulad na antas, mula una hanggang ikaapat na taon sa magkakaibang mga paaralang nabanggit?

5. Anu-ano ang mga mungkahing paksa maliban sa pinagpiliang preperensya sa sulating pormal ang nais pang sulatin ng mga mag-aaral?

Pagbubuo ng Ipotesis

Walang makabuluhang pagkakaiba ang preperensya sa pagkakasunud-sunod ng mga panuno at tiyak na paksa sa sulating pormal na nais sulatin ng mga mag-aaral sa magkakatulad na antas ng bawat taon sa pitong (7) paaralang sekundarya ng Sangay ng Samar.

Sanligang Teyoritikal

Ayon kay Torres (1971):

Ang mga paksang dapat ibibigay sa mga mag-aaral ay iyong nasa kanilang karanasan. Kung ang paksa ay mahirap, dalawang suliranin ang kakaharapin ng mga mag-aaral. Una ang paksa at ang ikalawang suliranin ay ang wika.

Sa kanyang pehayag, maliwanag na sinabi, na ang mga mag-aaral ay makabubuo ng mabuting sulating pormal kung ang mga paksa ay batay sa karanasan. Ang pagkakaroon ng tiyak at maliwanag na kaisipan ay nagpapagaan din sa isip upang maisulat ang personal na dandamin o kuru-kuro tungkol sa paksa. Nagaganyak ang mga mag-aaral na magpahayag tungkol sa paksa dahil ang tinutukoy ay nauunawaan, na maaaring sila mismo ang pinag-uusapan o ibang tao na malapit sa kanilang puso. Magaan din sa kalooban para sa mga sumusulat ng sulating pormal kung ang paksa ay tungkol sa kalikasan na karanawang nagdudulot sa kanila ng kaligayahan o iba pang karanasan. Makulay din ang pagsulat ng sulating pormal ng mga mag-aaral kung, sila ay makakakuha ng mga kasalukuyang isyu na nagpapaikot ng mga sitwasyon sa kapaligiran. Higit sa lahat ay naantig ang dandamin ng mga sumusulat ng sulating pormal kung ang paksa ay bumabanggit ng mga kaugaliang nagpapatingkad sa katauhan ng mga mag-aaral.

Sanligang Konseptwal


Ipinakikilala sa unang kwadrang guhit ang mga

kaligirang sakop sa pananaliksik na kinatawan ng pitong (7) mga paaralang sekundarya ng Samar. Ito ay ang panlahat, agrikultural, pangingside, bokasyunal, pampamayanan, barangay at pribado na matatagpuan sa Sangay ng Samar.

Inilalarawan sa sunod na hanay na pataas ang apat (4) na kwadrong naglalaman ng apat (4) na numerong Romano, bilang simbolo ng mga antas ng taon ng mga mag-aaral sa sekundarya. Sila ang mga tagasagot sa pananaliksik na ito na galing sa mga paaralang nabanggit.

Sa sunod na hanay ay dalawang pinaghatang malaking kwadrong guhit na ang huli ay nagpapakilala ng mga pamuno at tiyak na paksa sa sulating pormal na nagpapahayag ng mga preperensya ng bawat mag-aaral. Ang nasa unhang kwadro ay mga pinaghati-hating kahon bilang paglalarawan ng limang kategoriya ng mga isyung pinag-uusapan sa suliranin. Ito ay ipinakilala ng mga paksang ako, ibang tao, kalikasan at kapaligiran, kasalukuyang isyu at kaugalian. Bawat isang kwadrong guhit ay may paksa na nagtataglay ng sampung (10) mga tiyak na paksa na ang diwa ay magkakaiba.

Bilang pagkukop ng pangkalahatang kuru-kuro ay ipinakilala ang sunod na kwadrong guhit. Ipinaliliwanag ng mga tagasagot, ang kabuuang diwa ng kaniilang preperensya galing sa mga paksang isyu sa pag-aa-



Pigyur 1, Sanligang Konseptwal

ral na ito.

Ang ikalawang kwadrong guhit mula sa hulihan ay naglalarawan ng pagkakaisa sa diwa. Ito ang mga kasagutang tinipon ng mananaliksik galing sa preperensya ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga paksa sa sulating pormal na kinatawan sa iba't ibang uri ng paaralang sekundarya na sakop sa pag-aaral na ito.

Ang ulong kwadrong guhit ay naglalarawan ng katangian ng isang de kalidad na edukasyon. Ito ang incasahang kabuuang kasagutan na makukuha galing sa mga tagasagot sa iba't ibang uri ng mga paaralang nabanggit.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang mga piling paksa sa sulating pormal ayon sa preperensya ng mga mag-aaral sa mga pambansang panlahat na sekundryang paaralan, agrikultural, panginisa, bokasyunal, pampayanan, barangay at sekundaryang pribado na lahat ay matatagpuan sa Samar ay makatutulong nang malaki sa kahalagahan ng pag-aaral na ito sa mga sumusunod na kinauukulan.

Mga Mag-aaral. Nagiging madali para sa kanila na masabi ang kanilang kinawiwilihan sulatin. Dahil dito, magkakaroon ng kalayaan ang mga mag-aaral na maipaliwanag ang karanasan nila sa iba't ibang uri ng mga

sitwasyong kanilang pinaniniwalaan, nadarana at pinapanarap sa buhay. Sa ganitong paraan, lumalawak ang bokabularyo ng bawat mag-aaral at nagiging maunlad din ang uri ng komunikasyon nila sa pakikipagkaunawaan sa iba. Napapahalagahan din ang kasanayan sa paggamit ng wika, nagiging maganda ang marka ng mga mag-aaral sa pagsulat ng makabuluhang sulating pormal at higit sa lahat, ang kanilang isipan ay nahihikayat na kunilos upang magpahayag ng mga kalutasan sa anumang suliranin.

Mga Guro. Ang pag-aaral ay nakakatulong na makilala ng sinunang guro ang mga katangian at pagka-kaiba-iba ng bawat mag-aaral sa katayuang intelektuwal, damdamin at pamunuhay na sosyal na bumabahagi sa katauhan ng mga mag-aaral.

Mga Tagapamahala ng Paaralan. Ang pag-aaral na ito ay makakapag-ambag nang malaki sa paggawa ng mga palatuntunang pampaaralan sa isang kurikulum sa iba't iba pang mga paaralang sekundarya na hindi lamang sakop ng Samar kundi sa iba pang mga Sangay sa buong rehiyon.

Mga Manunulat sa Aklat. Ang kalabasan ng pag-aaral, ay magagamit nilang sanggunian sa pagsulat ng iba pang panitikan. Mapapatnubayan sila na sumulat ng mga bagay-bagay na maglalahad ng mga sitwasyong makatotohanan at nangyayari sa kasalukuyan sa bawat buhay ng mga mag-aaral upang lalong masiyahan ang mag-aaral sa


pagbasa.

Nga Nananaliksik. Magiging batayan ang pag-aaral na ito sa paggalugad ng mga impormasyong pang-edukasyon na makakatulong sa pagtuklas ng mga kinahihi-
ligang bagay ng mga mag-aaral sa lahat ng mga paaralang sekundaryang sakop ng kanilang gawain.

Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay tungkol lamang sa mga paksa sa sulating pormal ayon sa preperensya ng mga mag-aaral sa mga paaralang sekundarya ng Samar. Ang mga tagasagot na mga mag-aaral ay binubuo ng dalawang-pung daan at walumpu't anim (286) na nagmula sa sampung porsyentong (10%) Gay (1976; 81) bilang ng populasyon ng mga paaralan sa bawat antas mula una hanggang ikapat na taon. Ang pagkakapili nila ay ayon sa "random selection" sa paraang "fishbowl technique with replacement".

Ang kaligirang sakop sa pag-aaral ay isang sekundaryang paaralang panlahat na ineririprisinta ng Tarangnan National High School (TNHS) ng Tarangnan, Samar; isang paaralang sekundaryang agrikultural na ineririprisinta ng Samar National Agricultural School (SNAS) ng San Jorge, Samar; isang paaralang sekundarya sa pangingsda na ineririprisinta ng Samar Regional



MAPA NG SAMAR

Pinagmulan:

1. TARANGNAN (Tarangnan National High School; TNHS)
2. SAN JORGE (Samar National Agricultural School; SNAS)
3. CARBALOGAN (Samar Regional School of Fisheries and Technology; SRSFT)
4. WRIGHT (Wright Vocational School; WVS)
5. DARAN (Daran Community High School; DCHS)
6. BINABANGAN (Bagacay Barangay High School; BBHS)
7. ZUMARRAGA (St. Anthony's Institute; SAI)

Pigur 2, Mapa ng Samar

School of Fisheries and Technology (SRST) ng Catbalogan, Samar; isang sekundaryang paaralang bokasyunal na ineririprisinta ng Wright Vocational School (WVS) ng Wright, Samar; isang pampamayanang sekundaryang paaralan na ineririprisinta ng Daran Community High School (DCHS) ng Daran, Samar; isang sekundaryang paaralang barangay na ineririprisinta ng Bagacay Barangay High School (BBHS) ng Bagacay, Hinabangan, Samar at ang St. Anthony's Institute (SAI) ng Zumarraga, Samar ay nag-riprisinta ng pribadong paaralang sekundarya.

Katuturan ng mga Salita

Upang mabigyan ng malinaw na pag-unawa, ang mga sumusunod na salita ay binigyan ng katuturan.

Balarila. Ang pag-aaral ng mga sangkap at kayarian ng pangungusap, ng mga bahagi ng pananalita at mga tuntuhin na makapaghayag ng kaisipan. (Belenio, 1972: 10).

Bokabularyo. Isang talasan o katipunan ng mga salita at parirala na ginagamit ng isang tao o grupo ng mga tao. Binibigyan ng malawak na pagpapakahulugan ang mga salita upang lalong maging malinaw ang diwa. (Dell, 1983).

Guro. Isang taong nagtuturo ng mga aralin sa paaralan. Isang tao na ang gawain o trabaho ay pagtuturo. (Webster 1976). Sa pag-aaral na ito, sila ang

mga gurong nagtuturo sa sekundarya.

Katha. Ang kawakasan ng sunud-sunod at balangkas ng aralin mula sa pagpapanayam ng talasalitaan hanggang sa malikhaing pagsulat. (Torres, 1972:87).

Karunungan. Isang malaking sangay ng pilosopiya na nagpapakilala ng kahanga-hangang bagay na nagawa sa ikauunawa ng mga kuru-kuro tungkol sa pinaniniwalaan, katotohanan, pananalig, mga pagpapakahulugan, mga alinlangan, mga probabilidad, mga pagpapatunay, mga pagbibigay ng katarungan at pagkamaykatwiran ng tao. (Lexicon, 1979:501).

Kasanayan sa paggamit. Mga kasanayang kaugnay ng kakayahang makapamilya at makagamit ng hudyat at mensaheng patunog (kasanayan sa pagsasalita) at nakalimbag na mensahe (kasanayan sa pagsulat). Ang mga ito ay tinatawag na "encoding processes" ng wika. (Johnson, 1973:143).

Kurikulum. Binubuo ng mahalaga at kapakikipakinabang na mga bagay na ginawa ng mga mag-aaral sa isang napakasigla at pigil o disiplinadong kapaligiran, sa pag-asang ang kahihinatnan nito'y ang pagbabago ng kanilang ugali at kaasalan, bunga ng kanilang pagkatuto sa pang-araw-araw na karanasan. (Lado, 1964).

Mag-aaral. Batang pumapasok sa paaralan na nag-aaral tungkol sa mga bagay-bagay o partikular na

bagay. (Groslier, 1936). Ayon sa pag-aaral na ito sila ang mga mag-aaral sa sekundarya.

Hataas na paaralan. Kasingkahulugan ng sekundayang paaralan, isang institusyon para sa mga mag-aaral na pangkaraniwang nangangailangan ng mga kaalamang pansekundarya na tatapusin ang pakaprogramang gawain sa mga itinakdang panahon. (Lara, 1964).

Paaralang sekundayang agrikultural. Ayon sa pag-aaral na ito ay paaralang nagpapairal ng dalawang panamaraan ng pagtuturo. Ito ay ang karunungan pang-agrikultural at akademikong aralin. Subalit, ang higit na pinag-aaralan bilang espesyalisasyon ay tungkol sa agrikultura.

Paaralang sekundayang barangay. Ayon sa pag-aaral na ito, ay yaong paaralang pampubliko na matagpuan sa isang barangay. Ang pamamahala ay isang ulunguro na ang kurikulum ay kagaya sa panbansang panlahat.

Paaralang sekundayang bolasyunal. Isang paaralang pinangangasiwaan ng pamahalaan na nagtataglay ng dalawang kategoriya ng pag-aaral na kumakatawan ng teyoriya sa mga akademikong aralin at praktikal na kaalaman ng iba't ibang uri ng industriya at iba pang mga kabuhayang pansekundarya. (Herrick Webster, 1976).

Paaralang sekundayang pampamayanan. Ayon sa pag-aaral na ito ay isang paaralang pampubliko na mata-

tagpuon sa isang maliit na bayan na ang pamamahala ay isang ulunguro. Ang kurikulum ay kagaya sa pambansang panlahat.

Paaralang sekundaryang pangingsda. Ayon sa pag-aaral na ito ay paaralang nagpapairal ng dalawang pananaraan ng pagtuturo ang karunungan pambokasyunal tungkol sa pangingsda at akadenikong mga aralin batay sa panselularyang programa ng pag-aaralan.

Paaralang sekundaryang panlahat. Ayon sa pag-aaral na ito ay isang paaralang publikong nasa ilalim ng pamamatuway ng isang pununguro. Ang kurikulum ay tungkol sa mga kaalamang panlahat at mga araling kapaki-pakinabang tulad ng Sining Pantahanan, Sariling-Pili, tulad ng Elektrisidad, Agrikultura, Sining Pang-industriya, "Speech", "Economics", "Journalism" at "Accounting". Iga aralin o asignatura tulad ng English, Filipino, Agham, Matematika, Araling Panlipunan, Youth Development Training/Citizen Army Training. Karaniwang ang paaralang ito ay natatagpuan sa isang malaking bayan. (Revised Secondary Education Program, 1973).

Paaralang sekundaryang pribado. Isang paaralang pinangangosiwaan ng isang tao o pangkat/korporasyon na pamamahala sa pagpapatakbo ng paaralang sumisingil ng bayad sa mga mag-aaral. Ito ay nagtataglay ng

mga kaalamang teyoritikal tungkol sa iba't ibang sining ng kaalaman. (Merriam Webster, 1976.)

Paksa. Ayon sa pag-aaral na ito ay bagay na siyang panguhahing diwa sa isang katha. Ang bawat pangungusap ay laging may kaugnay sa isinasadiwa ng sumusulat.

Paglalahad. Isang uri ng talatang nagpapaliwanag, nagbibigay-katuringan at pagpapakahulugan tungkol sa diwang inilalahad. Ang pangunahing layunin ay magbigay ng kaalaman, na tulungan ang mambabasa sa pag-unawa ng paksa. (Arenas, 1976:74).

Paglalarawan. Ang mga pahayag ay naglalaman ng mga nakikita, naririnig at nadarama. Inilalarawan ang anyo, hugis at katangian ng tinutukoy. (Cruz, 1978:135).

Pagsasalaysay. Ito ay pag-uulat ng isang pangyayari o kawil ng mga pangyayari sa isang maayos na paghahanay. Ang layunin nito ay nag-ulat ng buong pangyayari lamang. (Alejandro, 1980:3).

Pagsulat. Isang kalipunan ng mga piling sagisag na ipinakilala sa salita ng wika na nais bigyan ng tala ang isang pangyayari galing sa sinyas, kilos, nakita, narinig, nadama, atbp. (Grolier, 1983:291-294).

Pamumuhay Sosyal. Na ayon sa pag-aaral na ito

ay panumuhay na nagpapakilala nung pagpakikisalamuha ng tao sa kapwa at sa kapaligiran.

Pangangotwiran. Ang pahayag ay nang-aakit. Binigyan diin ang isang panig lamang upang mapaniwala ang bumabasa o nakikinig sa isang katha. (Alejandro, 1980:5).

Panitikan. Ang nakasulat na tala ng pinakamabuting kaisipan at dandamin ng tao. Ito ay kaisipan at pagpapahayag na isinasatitik. (Alejandro, 1965:1).

Preperensya. Ayon sa pag-aaral na ito ay isang pagpapakilala o pagpili ng isang bagay na naaayon sa sariling kawilihan o kagustuhan.

Sulating Pormal. Ito ay isang masistemang pag-sasama-sama ng mga salita upong nakabubuo ng mga pangungusap at maipahayag ang iniisip at diwa sa isang piling kwaderno. (Torres, 1971)..

Suliranin. Ang anumang pangyayaring mahalaga, nakalilito at nanghahamon, makatotohanan o artipisyal, na ang kalutasan ay nangangailangan ng pag-aaral ng pag-iisip. (Good, 1959).

Wika. Isang makahulugang tunog na natatag sa pamamagitan ng kaugalian na ginagamit ang maparaang nestina bilang behikulo ng komunikasyon ng mga tao para sa pagkakaunawaan ng isa't isa at para sa paglalathad ng mga kaisipan at dandamin.. (IEL, 1969).

KABANATA II

MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga sinu-
ring literatura na naisagawa dito sa ating bansa at
ibang bansa. Kasama sa pananaliksik na ito ang mga
pag-aaral na naisagawa sa iba't ibang kolehiyo at
pamantasan dito sa Pilipinas at ibang bansa na siyang
nag-ambag ng malaki upang mabuo ang matagumpay na pana-
naliksik.

MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Literaturang Lokal

Ayon kay Sebastian (1967:1-2), "dalawa ang uri
ng pagpapahayag. Una, ay pasalita at ang isa ay pasu-
lat. Alinman sa dalawang uri ay ginagamit upang ipaba-
tid at malaman ang isinasaisip ng tao."

Pinatutuhanan nina Santiago at Tiango (1977:
1-3) na, "ang pagpapahayag na pasalita ay nagagawa sa
pamamagitan ng pagbabagu-bago ng hugis at espasyo ng
bibig kasama na ang labi at nakamomodipika ito ng gus-
tong sabihin."

Ang pasulat na pahayag naman ay ipinakikita sa
kilos gaya ng kumpas at direksiyon ng mga daliri sa
kamay, alpabeto, lapis o bolpen at tinta na siyang

kumukulay sa inisasadiwa ng sunulat.

Ipinaliwanag pa rin ni Sebastian (1967:1-2) na ang mga taong mahusay gumamit ng pagpapahayag alinman sa dalawang uri ay malapit sa tagumpay, samantalang ang hindi marunong gumamit nito ay madalas nagkamit ng sama ng loob, kundi man kaaway, kaya't ang pagpapahayag, ang panukat sa uri ng kala-ayan ng isip.

Anumang uri ng pagpapahayag ay kailangang mali-raw itong gagamitin. Upang maunawaan, kailangan may diwa. Ang paglilipon ng mga salita sa pagbuo ng pangunusap ay kailangang tama. Tumpak ang pagpili ng mga salitang akma sa iba't ibang uri ng sitwasyon. Ang paraan ng pagbigkes ay kailangan ibabatay sa panahon, edad, uri ng salita, interes, gawain, atbp.

Ang mga nabanggit ay sinang-ayunan ni Arrogante (1976) na sinipi ni Buenasuceso (1983:6) ng sabihin niya na "may mga hakbangin tungo sa mabisang pagpapahayag. "Tiyakin ang pananalitang gagamitin. Ang isip ng tao ay hindi mababasa, kaya dapat na masabi o maisulat ang lahat na gustong ipaalam. Kung pasulat ang pagpapahayag, tandaan ang palabaybayan, bantas, atbp."

Sumang-ayon din sina Yap at Manuel (1970:61-77) na sa pagsulat ng mga pahayag ay mayroong apat (4) na mga pamamaraan: ang pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatwiran. Ang himig ng diwa sa

bawat isa ay naglalaman ng iba't ibang estilo na alinman, ay naglalalayong magpatnubay sa bawat mag-aaral na makilala at natutuhan ang pangunahing layuning masanay sila sa pagsulat nang wasto at maayos. Sa tulong nito ay mahihikayat silang bumanggit ng nais nilang sabihin. Ang lalong pinakanahalaga pang layunin ay ang pag-unawa sa kayarian ng balarila, ang pagbubuo ng mga salita, ang pag-uugnay ng salita sa salita para sa isang pangungusap at sa huli ay makasulat ng isang mahusay, malinis, at may masining na diwa sa pagbuo ng talata.

Batay sa pagpapaliwanag ni Belvez (1985:78) na matapos mapili, maayos at malinang ang mga ideya sa pangungusap ay magkakaroon ng isang malinaw na piyesa ang sulatin. Ito ngayon ang tinatawag na komposisyon na sa ibang salita ay sulating pormal.

Dugtong pa ng pag-ukha na mayroong dalawang (2) uri ng sulating pormal o komposisyong pormal: una ay ang malayang komposisyon. Isang pagsasanay na ang pagpapahayag ng wika nang walang modelo. Ito'y malayang makapag-iisa at may orihinal na manipulasyon ng wika. Ang isa pang uri ng sulating pormal ay pinatnubayan o kontroladong komposisyon. Ito'y isang pamamaraan ng pagtuturo na ang mga sagot na ibubunyag sa pahayag ay may kaugnayan sa mga binalangkas na pangungusap matapos makapagbigay ng modelo o huwaran.

Si Arenas (1976:70) din ay nag-ambag ng ilang paliwanag. Sinabi niya na sa pagplano ng pagsulat ng isang komposisyon, kailangan alamin sa sarili kung ano ang nais na isusulat, balangkasin upang maging buo, malinaw at maayos ang pagkakasunud-sunod ng detalye.

Sa lupon ng pamabatayang aklat nina Sacuco at San Miguel (1980:194) ay maliwanag nilang sinasabi na ang isang komposisyon ay may sumusunod na balangkas:

1. Pamagat: ang pinakapangalan ng komposisyon.

Dito umiinog ang kaisipan ng mga talata. 2. Unang

Talata: dito ipinaliliwanag ang pamagat ng komposisyon at ginaganyak ng unang talata ang bumabasa. 3.

Gitnang mga Talata: dito ipinaliliwanag, inilalarawan o isinasalaysay ang pinapaksa ng komposisyon. 4.

Pangwekas na Talata: maingat at madaling tingnan ang komposisyon. Maheba man o maigsi ang isang komposisyon ang mga talata ay kailangang may isang pangunahing kaisipan upang lalo itong maging malinaw.

Dugtong pa ng may-akda (157), ang bawat talata ay dapat magtaglay ng kaisahan, nangangahulugan, ang mga pangungusap sa loob nito'y umaayon sa paksa o pangunahing kaisipan. Ang lahat ng mga gitnang pangungusap ay tumutulong sa pagpapaliwanag ng paksa.

Kaya sa pagsulat ng komposisyon ay kailangang bigyan ng pansin ang paksa. Hindi dapat diktohan ang

isang mag-aaral kung anong paksa ang dapat niyang sulatin, kailangang magmungkahi lamang ang guro upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral.

Ayon kay Matute (1981:70), "ang mahalagang paksa ay dapat magtaglay ng katangiang pandaigdig yaong hindi lamang totoo para sa isang tao o pook at panahon kundi, totoo sa alin mang pook, sa ano mang lehi o bansa at sa ano mang panahon".

Pinaniniwalaan pa rin ni Arenas, (1976:69) na maaring makakuha ng papaksain ang mga sumusulat na ayon sa pagbabalik-isip sa mga lunipas na mga pangyayari na siyang kabang-yaman ng buhay. Sa pamamagitan nito ay magkakaroon ng buhay ang isusulat. Maaring makatulong din sa pagsulat ang pagmamaisid, pag-eeksperimento, pakikipanayon, pagbasa at pag-aaral.

Kung kaya, ang bawat mag-aaral habang sila ay nasa loob ng paaralan ay inilalantad sa lahat ng mga sitwasyong pampaaralan upang lalong magkaroon ng malawak na kaalaman na nagtutulay sa kanila sa pagsulat ng mga katha sa sulating pormal.

Ayon kay Alejandro (1980:9-21), ang katha ay may tatlong (3) mahalagang bahagi: ang simula, gitnang katawan at ang wakas. Ang simula ay dapat bigyan ng espisyal na pansin sapagkat, dito binabanggit ang tungkol sa paksa at layunin upang ang mambabasa'y magpatu-

loy na maganyak at mapukaw ang interes at pananabik sa pagbasa. Sa simula'y maaaring gumamit ng mga salita o pangungusap na nagtatanong, isang pambungad na salaysay, salitaan ng mga tauhang kilala, isang sipi ng akda na angkop sa sinusulat at maaaring gumamit din ng isang makatas na pangungusap na kinapapalaman ng punong diwa ng katha. Maaaring gumagamit din ng tahasang paglalahad ng suliraning iiwasan ang paggamit ng mabubulaklak na salita.

Ang gitna o pinaka-katawan ay pag-uuri-uri o paghahati-hati ng kabuuan ng sinusulat na paksa. Sinusuri ang buong nilalaman kung ito ay sumasagot sa mga detalye na ipinahahayag.

Ang wakas ay maaaring isang talataan o isang pangungusap lamang na magpapakilala ng buong nilalaman na maaaring lagumin sa isang pangungusap lamang. Ito ay mag-iiwan ng isang katanungan sa isipan ng mga mambabasa at magpapahiwatig ito ng paghingi ng kapasyahan. Maaaring magpapahiwatig din ng panghuhula at inuulit ang isang pangungusap o kawikaang ginamit na pambungad sa pahayag o kaya'y panagat. Ito ay maaaring magtapos ng isang sipi sa isang akda galing sa tula o tuluyan.

Sinabi pa ni de Torres, (1971) na ang kaunlaran ng mga mag-aaral sa pagsulat ng paksa sa sulating pormal ay nagmumula sa kanilang naririnig, nadarama at

mga pinaniniwalaan. Dapat itong pagyamanin sa bawat pambalarilang tatalakayin sa paaralan, upang hindi nabitan ang interes at lalo ito napapawasto dahil sa nabisang paglalapat ng mga kayarian ng salita.

Ang mga paniniwala ng nabanggit na mga mayakda tungkol sa pagsulat ng mga paksa sa sulating pormal ay may malaking kaugnayan sa pananaliksik na ito. Kung masusunod ang kani-kanilang mga paglalahad ay makatutulong ito nang malaki na maiwasan ng mga mag-aaral ang mga pagkakapali, bagkus; ito'y nagiging daan o paraan sa iktataas ng uri ng mga sulating pormal at sa isang dako naman napauunlad ang wikang Filipino.

Literaturang Banyaga

Ayon kay Hall at Gambrell, (1972:887) na maiinang sulatin ang mga bagay-bagay na galing sa guniguni. Ang mga kaisipan ng mga mag-aaral ay naglalahad nang lalong malawak, ang pagtatalakay ay hindi pigil at ito ang mag-uudyok sa kanila na kunilos ang ideya na patin-kad.

Dinugtungan ito ni Ellis, (1972:887) na ang mga mag-aaral ay kailangan iharep sa mga sitwasyong mag-iwan ng bakas sa isip ng mga nangyayari sa paligid na nakotutulong sa pagsulat tulad ng pagsaksi ng mga dula, pinto, awit, sayaw, mga panayan, talumpati, mga impor-

nasyon ng masa medya, ang pakikiolan sa paggamit ng mga instrumentong pantugtog at mga larong pang-ehersisyo ng katawan at isipan. Sa ganitong paraan, matatanto ng mag-aaral na siya ay mahalaga. Ang kanyang mga karamasan ay ekspresyon niya bilang tao, may sapat na talino na magagamit sa pagsulat ng katha.

Sinang-ayunan ni Anthony, (1988:28-31) na ang pagpapahayag na pasulat lalo na sa sulating pormal ay isang pag-arok ng sariling kakayahan at katalinuhan dahil ito'y paglalantad ng mga sariling-isip sa mambabasa na tanging tao lamang ang makagagawa nito.

Gaano man ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat, kung ang isipan ay magulo, tiyak na nalilito siya sa paksaang susulatin. Malulutas lamang kung susundin ang mga mungkahi nina Elfresh at Ingalls, (1939:526-531) na buuin sa isip ang mga nasaksihan sa paligid at magkaroon ng pagtitiwala sa sarili. Kailangang lumayo sa magulong paligid kung kinakailangan. Alaming nabuti kung anong paksa ang isusulat at itutu ang atensyon dito.

Sinabi rin ni Warriner, (1938:220) na sa pagsulat ng sulating pormal ay kailangang ibatay sa tamang hakbangin ng pagsulat. Ito ay nagsisimula sa pagpili ng paksa at nagtatapos sa pagsulat ng huling burador (final draft). Uno, punili ng paksaang kinawiwilihan

ng sumusulat na kaya nitong sulatin. Ikalawa ay pagtipon ng materyales. Kasama na ang ideya na nasa isip ng sumusulat na may kaugnayan sa paksa at layunin ng katha. Ikatlo ay pagpobuo ng materyales. Pagsasama-samahin ang mga magkakaugnay na ideya at aayusin ayon sa pagkakasunud-sunod. Ikaapat ay pagbabalangkas. Ikalima ay pagsulat sa unang burador ayon sa ipinaliliwanag ng balangkas. Ikaanim ay pagbabago (revising).

Babasahin at iwawasto ang mga sinulat sa unang burador. Babaguhin ang mga bahaging mali at aayusin nang maingat bago sumulat ng huling burador. Ikapito ay ang pagsulat ng huling burador (writing the final draft). Pagkatapos gawin ang pagwawasto, sisipiin ang katha nang maayos at malinis ayon sa pamantayan ng pagsulat ng sulating pormal.

Dugtong pa ng may-akda, (1958: 236-241) na ang ilang munkahi rin ay hindi dapat na kaligtaan sa pagsulat ng sulating pormal. Una, sumulat na naayon sa espesyal na kaalaman ng paksa. Ikalawa, kailangang ito ay batay sa ideya at paniniwala ng sumusulat. Ikatlo, sumulat ayon sa mapanuring ideya upang maipahayag ang pag-iiba-iba ng mga bagay-bagay na sumasaklaw sa mga makatotohanan at di-kapani-paniwalang bagay sa paligid. Mahihikayat ang sumusulat na magbigay ng kalutasan sa isang sitwasyong siya mismo ang may alam. Ikaapat,

sumulat ng isang komposisyong kalugud-lugod o puno ng kasiyahan upang mabigyan ng aliw ang mambabasa.

Ayon kina Dawson at Bingese, (1960) na karamihan sa mga sulatin ng mga mag-aaral ay di-gaanong maayos at may mga kahinaan sa mga sangkap nang maayos na pagsulat. Kaya, nangangailangang ng patnubay upang mapaunlad ang kanilang gawaing pasulat. Ang mga pagsasanay sa mga aralin ukol sa mga sulatin ay dapat ibatay sa personal na paniniwala, kakayahan at kawilihan. May ilang mungkahi at hakbangin din ang kanilang ipinakilala. Una ay paglalayon (purposing). Ikalawa ay paghahanda ng pamantayan (setting-up of standards). Ikatlo ay pagpapakita ng huwaran (presenting of a model). Ikaapat ay pagbubuo (organizing). Ikalima ay pagpapahayag (expressing). Ikaanim ay pagbibigay-halaga (appraising). Ikapito ay pagwawasto (correcting) at ikawalo ay paglilimbag (publishing). Upang maiwasan ang mga pagkakamali ng mga sumusulat ng sulatin, kailangang isaalang-alang ang mga sangkap na ipinaliwanag.

Ang lahat ng mga nabanggit ay pawang mga paniniwala ng mga may-akdang banyaga tungkol sa pagpili ng paksa sa sulating pormal. Ang kanilang mga nasabi ay nakapagdulot ng mga pagpapaliwanag bilang mabisang patnubay sa ikatatagumpay ng pagsulat. Higit sa lahat, nadadagdagan ang mga kaalaman ng mga mag-aaral dahil

sa pagkukop ng mga karagdagang ideya na galing sa ibang bansa. Dahil dito, lalong nagiging masining ang mga pamamaraan ng pagsulat lalo na sa pagpili ng mga paksa sa sulating pormal.

MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL

Pag-aaral na Lokal

Ang pananaliksik na ito ay walang nakitang pag-aaral na tulad nito lalo na sa lugar ng Samar. Gayunpaman ay may ilang mga pag-aaral na naisasagawang kaanawig sa kasalukuyan. Subalit, may malaking pinagkaibahan dahil sumasaklaw ito sa lugar ng di-Tagalog na sa kabila nito ay pinaninibangan ang paggamit ng Wikang Filipino.

Ang pananaliksik na ginawa ni Hernandez, (1958) na may pamagat na: "A Study of Written Language Communication Among Second Year Students in the Torres High School" ay natuklasan na ang mga paksang nais sulatin ng mga mag-aaral ay yaong nasa kanilang karanasan. Mga paksang nakakatawag pansin sa kanilang pandama, pagkukuro at pagpapahalaga. Kaugnay nito, iminungkahi ni Hernandez na ang mga paksa sa pagsasanay sa pagsulat ng komposisyon ay angkop sa kawilihan at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral ni Hernandez ay may kaugnayan sa

kasalukuyang pag-aaral. Ito ay tumutukoy sa mga kawili-
 lihang natatamo ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Ingles
 na sulating pormal. Ang mga tagasagot ay mga mag-aaral
 sa ikalawang taon ng isang paaralang sekundaryang
 lanang. Maiiba ito sa pag-aaral ng mananaliksik dahil
 ang layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay pagtuklas ng
 mga paksang ayon sa preperensya ng mga mag-aaral mula
 sa una hanggang ikaapat na taon sa magkakaibang antos
 sa pitong (7) uri ng mga paaralang sekundaryang panla-
 hat, agrikultural, pangingisda, bokasyunal, pampamoya-
 nan, barangay at pribadong mga paaralan.

Si Calzado (1978), sa kanyang pag-aaral na may
 pamagat, "The Composition Interest of the First Year
 Students in Ilocos Norte High School" ay kanyang natuk-
 lasen ang mga sumusunod: Ang mga mag-aaral na magkaka-
 ibang kasarian ay may pagkakaiba sa hilig sa mga pak-
 sang nais sulatin. Kinagigiliwan ng mga mag-aaral na
 lalaki ang mahahalagang paksa tulad ng "Paano Makuhang
 ang Unang Piso" at "Pangarap at Ambisyon". Para sa mga
 babae nanan ay yaong nauukol sa kanilang sarili gaya
 ng; "Pinakamasayang Araw, Mga Ayaw at Gusto, atbp."

Ang mga mag-aaral na lalaki at babae ay kapwa
 may hilig sa mga paksang nauukol sa kalugud-lugod na
 karanasan sa bahay at paaralan. Higit ang kanilang
 pagkawili sa mga paksang may kaugnayan sa sariling

karanasan, hanapbuhay, mga kahanga-hangang gawain ng ibang tao at mga gawding makabuluhan sa labas ng paaralan.

Ang mga mag-aaral ayon sa gulang ay walang malaking pagkakaiba sa mga hilig ng paksang gustong sulatin. Kinagiliwang sulatin ng mga batang mag-aaral ang mga paksa tungkol sa sariling karanasan, laro at sa kapaligiran. Ang mga mag-aaral ay kapwa walang hilig sa mga paksang nakapagpapaalaala ng kaparusahan, pagtanggigi, pinsala, kasinungalingan, pagkayamat, kalungkutan at kabiguan. Ang pinakagusto nilang sulatin ay yaong nauugnay sa sariling karanasan.

Sa pag-aaral na ito, napag-alaman ng sumulat ang kahalagahan ng pagbibigay laya sa mga mag-aaral sa pagpili ng paksang tatalakayin para sa gawaing pangkomunikasyon.

Ang pag-aaral na ginawa ni Calsado ay nagkakaibang sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ito ay tumutukoy sa kawilihan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sulatting pormal. Nagkakaiba lamang ito sa wikang ginamit. Ang una ay Ingles at ang kasalukuyang pag-aaral ay isinagawa sa Wikang Filipino at sumasaklaw sa opat (4) na antas ng taon ng mga mag-aaral sa sekundarya na ineriprisintahon ng mga paaralang sekundarya: panlahat, agrikultural, pangingisda, bokasyunal, pampanayanan, barch-

gay at pribado ng Samar. Samantalang ang kay Calzado ay tungkol sa mga mag-aaral sa unang taon ng mataas na Paaralan ng Ilokos Norte.

Ang ginagawang pag-aaral ni Del Fierro (1934), tungkol sa "A Critical Study of the Written Composition, Interest of the High School Students" ay ukol sa pag-puna ng kawilihan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon sa lalawigan ng Iloilo. Natuklasan niya ang mga sumusunod: Ichat ng mga mag-aaral na lalaki at babae sa ikaapat na taon ay nagpapahayag ng malaking pagkakatulad sa mga paksang nais sulatin. Pinakagusto nilang sulatin ay mga paksang hinggil sa buhay sa tahanan, pangalawa ay tungkol sa sariling karanasan at pangatlo, yaong nauukol sa paglalakbay.

Ang mga mag-aaral sa iba't ibang pangkat at gulang ay nagpapahayag ng pagkakaiba-iba ng hilig. Ang mga paksang nauukol sa karanasan ay karaniwang gusto sa mga mag-aaral sa mababang pangkat. Kinawiwilihan ang mga paksang pantahanan ng mga mag-aaral sa mataas ng pangkat. Ang mga suliraning pangkultural ang siyang nais ng mga mag-aaral na nasa gitnang pangkat.

Ang pag-aaral ni Del Fierro ay magkahawig sa kasalukuyang pag-aaral dahil ito ay tumutukoy sa hilig at kawilihan sa pagsulat ng sulating pormal. Ngunit ito ay may pagkakaiba sa paraan ng pagtuklas ng mga

piling paksa sa sulating pormal na ang medyum na ginagamit ay Wikang Filipino. Binigyan din dito ang preperensya ng mga mag-aaral sa apat na antas ng taon sa pitong (7) uri ng mga paaralang sekundarya ng Samar. Samantalang ang pag-aaral ni Del Fierro ay tungkol sa pagpuna sa kawilihan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon sa Ingles na sumasaklaw ng iisang paaralan sa lalawigan ng Iloilo.

Ang pag-aaral ni Benites, (1973) na pinamagatang "Isang Pag-aaral ng mga Sulating Pormal sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Unang Taong Pamparalan, 1971-1972" ay gumamit ng paraang pedales na paggamit na ang ibig sabihin sa Ingles ay "frequency" bilang bahagden sa pagbibigay ulat sa mga pagkakanaling natamo ng mga mag-aaral sa pamantasan ng Baguio. Notuklasan sa kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral na galing sa lugar na di-Tagalog lalung-lalo na sa Lalawigan ng Bulubundukin ay kulang ng mga salitang Filipino. Ang mga materyales na panturo tulad ng mga babasahing aklat sa Filipino ay kulang. Kaya, mahina ang pagsulong ng wikang pormal na ginagamit sa pagsulat na Tagalog na karaniwang kinapapalooban ng mga salitang balbal ang higit na alam ng mga mag-aaral. Dahil dito, nasisira ang wastong pag-aaral ng Wikang Filipino.

Ang nabanggit na pag-aaral ay may kaugnayan sa

kasalukuyang pag-aaral dahil sa paggamit ng mga aknang salita sa Wikang Filipino na ginamit sa kawilihan ng pagsulat sa sulating pormal. Ang pagkakaiba ng dalawang pag-aaral ay nasa paraan at loyunin. Ang unang pag-aaral ay hinggil sa pagsusuri ng mga reaksyon tungkol sa kamalian ng pagsulat sa sulating pormal ng mga mag-aaral sa unang taon ng iisang pamantasan lamang. Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalarayong tumuklas ng mga paksaang gustong sulating ayon sa preperensya ng mga mag-aaral sa apat na uri ng antas ng taon sa mga paaralang sekundaryang panlahat, agrikultural, pangingsida, bokasyunal, pampamayanan, barangay at pribado na matatagpuan sa Sangay ng Samar.

Ang ginawang pag-aaral naman ni Martinez, (1959) na tungkol sa "The Development of the Teaching of National Language in the Public Schools" ay tinipon niya ang mga ulat ng mga tagamasid ng Sangay noong 1950-1951 na ang mga suliranin nila ay tungkol sa kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo at kahirapan sa pagbibigay na wastong intonasyon ng mga salita sa Filipino.

Ang pag-aaral ni Martinez ay may relasyon sa kasalukuyang pag-aaral dahil ito ay bumabanggit ng parehong wika na magagamit sa pagpapalawak ng komunikasyon. Ang kaibahan ng pag-aaral; ang kay Martinez ay pag-alam ng mga puna sa sanhi ng kahirapan ng pag-

papayaman ng wika sa pag-aaral ng Filipino. Samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay pagtuklas sa preperensyang paksa sa sulating pormal ayon sa Wikang Filipino na gagamitin ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sulating pormal. Hindi dapat na malimutan na ang mga mag-aaral ay makakabuo ng isang masining na paksa kung may kahusayan sa paggamit ng wika.

Ayon sa pag-aaral ni Calub (1982), tungkol sa "Mga Karaniwang Kamalian sa Pagsulat ng Kathang Pormal Sa Ingles at Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalimang Paitang sa Elementarya" ay kanyang natuklasan na higit na maddiwa ang mga kathang pormal na Filipino kaysa sa Ingles sa magkaparehong paksa tinatalakay. Ito ay resulta ng kakayahan ng guro at ibang taong may kinalaman sa kanilong pagkatuto at paglalantad ng masa medya sa paligid ng Paaralang Sentral sa Timog, Iungso ng Cagayan de Oro.

Ang pag-aaral ni Calub ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang tema ng pag-aaral ay sa pagsulat ng paksa sa sulating pormal. Ang kaibahan dito, ang pag-aaral na una ay paghahambing ng kamalian sa pagsulat ng kathang Ingles at Filipino ng mga mag-aaral sa elementarya. Samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa preperensyang paksa sa sulating pormal sa isang Wika na Filipino na ginagamit ng mga

mag-aaral sa sekundarya.

Ayon sa pag-aaral ni Somoza (1982), tungkol sa "Isang Pagsusuri ng mga Kamalihan sa mga Sulating Pormal sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikaapat na Taon ng Matatag na Paaralan ng Kolehiyo ng Katedral, Siyudad ng Dumaguete, Panuruang Taon 1981-1982" ay natuklasan niya na ang mga sulating ginawa ay may nawawalang titik sa salita. Hindi akma ang mga salitang ginagamit bilang ugnayan ng mga salita sa pangungusap, ang palatitikan ay hindi rin nabibigyan ng tamang paggamit, at ang pagtatala at paghahati ng salita ay hindi wasto. Karanihon sa mga sulating ginawa ay nagkakapalit ang paggamit ng salitong sa sa halip ng ng, nang o ng, kung sa kung, tulad din ng may at mayroon pagbabaybay ng o at u at i sa e.

Ang sanhi ng mga kamalihan ito ay kapabayaan at kawalang-ingat sa pagsulat ng mga sulatin dahil sa kakulangan sa pagsasanay ng pagsulat. Hindi paano ang kaalaman sa wastong gamit at pagbabaybay ng mga salita at higit sa lahat ay kulang ng sigla ang mga mag-aaral sa pagsulat dahil ang paksa ay pigil na mangaring sa iba ay mahirap at sa iba naman ay hindi.

May kaugnayan ang pag-aaral ni Somoza sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ito ay tumutukoy ng kawilihan sa pagsulat ng sulating pormal. Ang pinagkaiba-

han lamang ang kay Somoza ay tungkol sa pagsusuri ng mga kamalian sa pagpapasulat ng sulating pormal sa ika-apat na taon sa sekundarya sa isang paaralan lamang. Samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa preperensyang paksa sa pagsulat ng mga mag-aaral sa apat na antas sa mga paaralang sekundaryang panlahat, agrikultural, pangingisda, bokasyunal, pampamayanan, barangay at pribado ng Samar.

